# Nag-ha-hiring pa rin ang FEMA para sa Pangkat ng Pagbawi sa Sakuna sa Illinois

**Release Date: November 9, 2023**

**CHICAGO –** Ang Federal Emergency Management Agency (FEMA o Pederal na Ahensya ng Pangangasiwa ng Emerhensya) ay may agarang pangangailangan na mag-empleyo ng mga residente para magtrabaho bilang pansamantalang lokal na hire upang tumulong sa pagtugon sa sakuna at pagsisikap sa pagbawi. Ang mga lokal na hire na empleyado ay mga lokal na residente na tumutulong sa pagbawi ng kanilang komunidad at tinutulungan din nila ang komunidad sa proseso ng pagbawi. Hinihikayat ka ng FEMA na mag-apply para sa kapana-panabik na pagkakataong ito! Sa kasalukuyan, nag-ha-hire kami para sa mga sumusunod na lokal na hire na posisyon. Magsisimulang mag-expire ang mga anunsyo ng trabaho sa Nobyembre 15, 2023, kaya mag-apply sa lalong madaling panahon!  Upang matuto pa tungkol sa mga uri ng posisyon at ang kanilang papel sa FEMA, mangyaring bisitahin ang FEMA Cadres.

### Chicago/Tanggapang Panrehiyon

- Espesyalista sa Pag-uugnayan sa Boluntaryong Ahensya - USAJOBS – Anunsyo sa Trabaho

### Springfield

- Espesyalista sa Logistik - USAJOBS – Anunsyo sa Trabaho

### Morton Grove

- Dalubhasang Espesyalista sa Disenyo ng Komunidad ng IRC - USAJOBS – Anunsyo sa Trabaho

Ang karamihan ng mga pansamantalang lokal na hire ay binigyan ng empleo sa pamamagitan ng isang streamlined (pinabuting) proseso ng pag-hire. Ang termino ng empleo ng isang lokal na hire ay hanggang 120 araw, subalit maaari itong madagdagan sa 120-araw na mga palugit. Bisitahin ang mga link sa itaas para sa

karagdagang impormasyon, kabilang ang mga responsibilidad sa trabaho at kabayaran.

Ang FEMA ay isang taga-empleyo na nagbibigay ng pantay na pagkakataon. Ang mga suweldo ay maihahambing sa lokal na rate ng suweldo.

Kondisyon ng Trabaho:

- Dapat isa kang mamamayan ng U.S. upang maisaalang-alang para sa posisyong ito.
- Kailangan mong matagumpay na makapasa sa isang pagsisiyasat sa iyong background.
- Ang pagpaparehistro sa Piling Serbisyo ay kinakailangan para sa mga lalaking ipinanganak pagkatapos ng Disyembre 31, 1959.
- Suriin ang mga kondisyon ng trabaho pasa sa mga karagdagang kondisyon ng trabaho.

Upang makita ang iba pang pag-post sa karera sa FEMA, bisitahin mo ang fema.gov/careers.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa operasyon ng pagbawi sa sakuna sa Illinois, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4728.

###

*Ang tulong sa pagkabawi mula sa sakuna ay magagamit nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o pang-ekonomiyang katayuan. Ang makatwirang akomodasyon, kabilang ang pagsasalin ng wika at tagapagsalin ng American Sign Language (wikang pasenyas ng Amerika) gamit ang Serbisyong Relay ng Bidyo ay magagamit upang masigurado ang epektibong komunikasyon sa mga aplikanteng may limitasyon sa kasanayan sa Ingles, kapansanan, daanan at functional na pangangailangan. Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay may diskriminasyon, tumawag sa FEMA nang libreng-toll sa 800-621-3362 (kabilang ang 711 o Relay ng Bidyo).*